# INTERNATIONAL NAPASA (March 4th 2025)

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG ENERO SA LOOB NG SIYUDAD

1月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Enero ay nagkaroon ng kabuuang 30 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Amanuma na may 6 na kaso, at tag 5 naman sa Beniyacho at Tamura. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 7 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Beniyacho na may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa March 9 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3)PAGPAPAALAM UKOL SA LEKTURA PARA SA KALUSUGAN NG MAMAMAYAN

市民健康講座のお知らせ

Sa March 8 (Saturday), ay magkakaroon ng “***LEKTURA PARA SA KALUSUGAN NG MAMAMAYAN”*** sa Hirashin Cultural Arts Hall sa Hiratsuka City. Ang oras ay mula 1:40 hanggang 3:30 ng hapon. Ang paksa ng lektura ay ***“UKOL SA PAG-UNAWA SA OPERASYON SA PUSO AT MGA DALUYAN NG DUGO”***. Dito ay magpapaliwanang ang mga doktor ng Shimin Byouin. Ang maaaring dumalo ay hanggang 150 katao. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa **Telephone No. 0463-32-0015 ( 0463-32-0015 )**.

## 4)UKOL SA PAG-PROSESO NG WALANG MGA PAPEL NADOKUMENTO SA

市役所での手続きのペーパーレス化についてのお知らせ

Mula noong February 4 ay nagsimula na ang bagong sistema sa Hiratsuka City Office na tinatawag “Non-Writing Counter”. Ang “Non-Writing Counter na ito ay sistema na halimbawa ay magpo-proseso ng Residence Certificates ay hindi na kinakailangan pang magsulat ng application form, sa halip ay derestong sabihin sa staff na nasa counter ang mga kinakailangang impormasyon, matapos mai-record sa computer ang mga kinakailangang impormasyon ay tapos na rin ang iyong pagproseso. Subalit hindi lahat

ng mga gustong i-proseso ay maaari dito sa “Non-Writing Counter”. Ang mga listahan ng mga serbisyo na sakop nito ay makikita sa Website ng Hiratsuka City Office. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***DIGITAL PROMOTION DIVISION (DEIJITARU SUISHIN KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-20-8804 (0463-20-8804).**